

Pag-enrol sa primaryang paaralan sa 2024

Ang pagsisimula ng pagpasok sa eskwela ay panahon na kinagigiliwan ng mga bata, magulang at tagapag-alaga. Gusto naming mapadali ang proseso ng pag-enrol para sa inyo hangga't maaari.

Sa Victoria, ang inyong anak ay may karapatan na pumasok itinalagang paaralan para sa kanila sa inyong lugar o kapitbahayar (ang inyong 'lokal na paaralan') sa ilalim ng *Education and Training Act 2006*.

Maaari rin po kayo na mag-apply ng lugar (place) para sa inyong anak sa isang paaralan na hindi sa inyong kapitbahayan o lokal. Ang paaralan ay bibigyang konsiderasyon ang inyong aplikasyon alinsunod sa Placement Policy. Para sa karagdagang impormasyon sa Placement Policy, bumisita sa [Enrolling in school](#) page.



Ang bagong timeline ng buong estado para sa Foundation (Prep)

Ang unang taon ng primaryang paaralan ay tinatawag na Foundation o Prep. Mayroon kaming inilabas na bagong timeline sa pag-enrol sa Foundation na susundin para sa lahat ng pampublikong primaryang paaralan sa Victoria (tingnan sa ika-3 pahina). Nilalayon ng timeline na tulungan kayong maunawaan kung kailan at paano i-enrol ang inyong anak sa Foundation para sa 2024 na school year.

Kailan ko dapat i-enrol ang aking anak sa kaniyang unang taon ng primaryang paaralan?

Ang inyong anak ay dapat na 5 taong gulang sa ika-30 ng Abril sa taon kung kailan siya magsisimula ng pagpasok sa eskwela.

Ang pagpasok sa eskwela ay sapilitan (compulsory) para sa mga bata na nag-edad nang 6 na taong gulang.

Para i-enrol ang inyong anak sa pampublikong primaryang paaralan sa Victoria para sa school year na 2024, magsumite ng enrolment application sa paaralan bago sumapit ang 28 July 2023,

Paano ko ipapatala (enrol) ang aking anak sa kaniyang unang taon sa primaryang paaralan?

Ito ang mga hakbang para ipatala ang inyong anak sa kaniyang unang taon sa primaryang eskwela:

1. Hanapin ang inyong lokal na paaralan sa Find my School na website (tingnan sa baba).
2. Makipag-ugnayan sa pampublikong primaryang paaralan para mag-book ng school tour para mas marami pang malaman tungkol sa paaralan at sa proseso ng aplikasyon sa pag-enrol.
3. I-download ang Foundation (Prep) information pack para sa pag-enrol mula sa [Enrolling in Foundation \(Prep\)](#) (makikita ito mula 24 Abril 2023).
4. Mag-submit ng aplikasyon para sa pag-enrol para sa Foundation **bago sumapit ang Biyernes 28 Hulyo 2023**.
5. Ikaw ay bibigyan ng paalala sa resulta ng iyong aplikasyon **bago sumapit ang Biyernes 11 Agosto 2023**. Kung makatanggap ka ng offer of placement, dapat mong tanggapin ang offer **bago sumapit ang Biyernes 25 Agosto 2023**.
6. Sumali sa enrolment information at transition na mga session **habang nasa Term 4 2023**.
7. Ang inyong anak ay magsisimula ng Foundation **mula sa Martes 30 Enero 2024**.

Paano ko mahahanap ang aking lokal na paaralan?

Hanapin ang inyong lokal na paaralan sa Find my School na website sundin lamang ang sumusunod na mga hakbang sa ibaba:

1. I-type ang findmyschool.vic.gov.au sa iyong browser.
2. I-type ang inyong permanenteng residential address sa ilalim ng 'Enter your address to get started'.
3. Piliin ang 2024 sa ilalim ng 'Enrolment year'. **Tandaan:** ang 2024 na mga school zone ay makikita sa bandang huli nang Term 1, 2023.
4. Piliin ang Primary sa ilalim ng 'School type'.

Ang mapa ay magpapakita ng iyong address, ng inyong lokal na paaralan, at sa bandang kaliwa ng mga detalye para sa pagkontak sa paaralan. Kung ikaw ay mag-i-scroll pababa, magpapakita din ito sa iyo ng limang pinakamalapit na eskwela sa inyong address.

Ikaw ay maaaring mag-search gamit ang pangalan ng paaralan sa ilalim ng 'Search for school'.

Pwede ko bang i-apply ang aking anak sa pampublikong primaryang paaralan na hindi sa aming lokal na paaralan?

Oo, pwede kang mag-apply sa mga paaralan na iba sa inyong lokal na paaralan. Ang paaralan ay bibigyang konsiderasyon ang iyong aplikasyon alinsunod sa Placement Policy at available na mga lugar. Maaari kang makahanap ng impormasyon kung paano pina-prioritise ang mga aplikasyon sa [Enrolling in school](#) na pahina.

Ano ang mangyayari kung makatanggap ako ng sulat na nagsasabi na ang aking aplikasyon ay hindi matagumpay?

Dapat mong i-enrol ang inyong anak sa ibang paaralan. Ang inyong anak ay garantisado na may lugar sa kanilang lokal na paaralan. Ang lokal na paaralan ng iyong anak ay natutukoy base sa kaniyang permanenteng address ng tirahan. Bisitahin ang [Find my School](#) page para malaman kung saan ang lokal na paaralan ng inyong anak. Ang [Enrolling in school](#) page ay maaaring makatulong sa iyo para kumpirmahin ang address ng inyong anak para sa pag-enrol.

Pwede mo ring i-apila ang desisyon. Ang [Enrolling in Foundation \(Prep\)](#) page ay may impormasyon sa proseso ng pag-apila ng resulta ng aplikasyon sa pag-enrol.

Ano ang mangyayari kung napalampas ko ang timeframe sa pag-enrol?

Ikaw ay maaaring mag-apply para mag-enrol ng iyong anak sa Foundation para sa 2024 na school year kailanman mula sa Term 2, 2023.

Habang ikaw ay hinilingan na mag-submit ng aplikasyon sa enrolment bago mag-Biyernes 28 July 2023, ang mga aplikasyon matapos ang araw na ito ay tatanggapin pa rin mula sa mga pamilya na napalampas ang mga timeline sa pag-enrol, lumipat ng permanenteng tirahan o mga bagong dating sa Victoria.

Ang mga aplikasyon para sa pag-enrol na-isumite matapos ang 28 Hulyo 2023 ay ipo-proseso ng paaralan sa pagkatanggap sa mga ito, alinsunod sa Placement Policy ng departamento.

Saan ako makakahanap ng dagdag na mga impormasyon tungkol sa pag-enrol sa primaryang paaralan?

Ikaw ay maaaring magtanong sa inyong lokal na primaryang paaralan para sa dagdag na impormasyon tungkol sa proseso ng pag-enrol sa Foundation.

Sa pag-umpisa ng Term 2, 2023 ikaw ay makakahanap din ng information pack tungkol sa proseso ng pag-enrol sa Foundation sa [Enrolling in Foundation \(Prep\)](#) page sa Starting School webpage.

Kung ikaw ay nangangailangan ng tulong sa pagsalin sa wika ng information pack, mangyaying makipag-usap sa inyong lokal na primaryang paaralan para sa tulong.

Sino ang aking makokontak para sa tulong?

Ang Transition Coordinator, Enrolment Officer o ang Principal ng primaryang paaralan kung saan mo gustong mag-apply ay makakatulong sa iyo sa anumang katanungan na mayroon ka tungkol sa proseso ng pag-enrol.

Magagamit na mga link

Nasa ibaba ang ilang magagamit na mga link na maaaring makatulong sa iyo sa pagsisimula ng iyong anak sa primaryang paaralan sa 2024:

Find my School – findmyschool.vic.gov.au

Information sa mga school zone – vic.gov.au/school-zones

Pag-enrol sa Foundation (Prep) – vic.gov.au/enrolling-foundation-prep

Pag-enrol sa paaralan – vic.gov.au/how-choose-school-and-enrol

May-kapansanan (disability) at para sa lahat (inclusive) na edukasyon – vic.gov.au/disability-and-inclusive-education

Para sa mga kontak sa regional na opisina – vic.gov.au/office-locations-department-education-and-training

Timeline para sa 2023-24

Mga Petsa sa 2023	Gawain
Term 2: Lunes 24 Abril 2023 – Biyernes 23 Hunyo 2023	
Mga Term 1 at 2, 2023	Ang mga primaryang paaralan ay nagsasagawa ng mga tour, information session at iba pang mga gawain para sa mga pamilya na gustong mag-enrol ng kanilang anak sa Foundation (Prep) sa taong 2024.
Sa simula ng Term 2, 2023	Ang mga school zone para sa 2024 school year ay makikitang live sa findmyschool.vic.gov.au Ang mga magulang/tagapag-alaga ay dapat pumunta sa findmyschool.vic.gov.au para mahanap ang itinalaga sa kanilang pangkapitbahayan na paaralan para sa 2024. Ang Enrolment Information Pack para sa mga Magulang/Tagapag-alaga ay makukuha para i-download mula sa Enrolling in Foundation (Prep) .
Mula Week 1, Term 2 2023	Ang mga primaryang paaralan ay maaaring mamigay ng mga Enrolment Information Pack sa mga prospek na mga pamilya at sa kanilang komunidad sa eskwelahan.
Mula Week 1, Term 2, 2023	Pagbukas ng aplikasyon sa pag-enrol – ang mga magulang/tagapag-alaga ay maaaring magsumite ng kanilang nakumpleto na aplikasyon sa pag-enrol para sa pampublikong primaryang paaralan mula sa petsa na ito.
Term 3: Lunes 10 Hulyo 2023 – Biyernes 15 Septyembre 2023	
Bago mag-Biyernes 28 Hulyo 2023	Pagsasara ng aplikasyon sa pag-enrol – ang mga magulang/tagapag-alaga ay dapat i-sumite ang kanilang mga nakumpletong aplikasyon sa pag-enrol sa pampublikong primaryang paaralan sa petsa na ito.
Bago mag-Biyernes 11 Agosto 2023	Ang mga primaryang paaralan ay aabisuhan ang mga magulang/tagapag-alaga sa pamamagitan ng sulat tungkol sa resulta sa pag-enrol sa Foundation (Prep), alinsunod sa 'Priority Order of Placement' sa ilalim ng Placement Policy ng departamento. Ito ay maaaring maglaman ng sulat na nagkukumpirma ng pag-enrol, sulat na nagbibigay ng offer, o sulat ng hindi matagumpay na aplikasyon. Ang mga magulang/tagapag-alaga na tumanggap ng hindi matagumpay na aplikasyon ay maaaring magsimulang mag-sumite ng nakasulat na apila na non-placement sa kanilang ginusto na primaryang paaralan.
Bago mag-Biyernes 25 August 2023	Ang mga magulang/tagapag-alaga ay bibigyan ng nakasulat na offer para ipahayag ang pagkatanggap ng puwesto para sa kanilang anak bago sumapit ang petsa na ito.
Pagsapit nang Biyernes 25 Agosto 2023	Petsa ng pagsasara para sa mga magulang/tagapag-alaga na magsumite ng nakasulat na apila sa non-placement sa kanilang ginustong primaryang paaralan.
Pagsapit nang Biyernes 15 Septyembre 2023	Ang mga primaryang paaralan ay sasabihan ang mga magulang/tagapag-alaga, nang nakasulat, tungkol sa resulta ng kanilang apila sa non-placement sa petsa na ito.
Term 4: Lunes 2 Oktubre 2023 – Miyerkules 20 Disyembre 2023	
Habang Term 4, 2023	Ang mga primaryang paaralan ay mag-iimbata sa mga pagpupulong tungkol sa transition.
Pagsapit nang Biyernes 20 October 2023	Petsa ng pagsara para sa mga magulang/tagapag-alaga na mag-sumite ng nakasulat na apila sa non-placement sa nararapat na Regional Director, kung saan hindi naging matagumpay ang kanilang apila sa kanilang ginusto na primaryang paaralan.
Pagsapit nang Biyernes 17 Nobyembre 2023	Ang mga rehiyon ay ipapaalam nang nakasulat sa mga magulang/tagapag-alaga ang resulta ng mga apila sa non-placement sa Regional Director sa petsa na ito. Ito ay maaari lamang sa mga apila na natanggap bago sumapit ang petsa ng pagsasara sa Biyernes 20 Oktubre 2023.